**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**

*Comision Para sa Pagsasalin*

*Mayo 13*

# SAN ROBERTO BELARMINO
## Obispo, Kumpesor, at Pantas ng Simbahan

*Misa "In medio"*
*III cl. • Doble • Puti*

*Mula sa* Para sa mga Pantas ng Iglesia, "In médio Ecclesiæ," *maliban sa mga nakatakda:*

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

| | |
|---|---|
| **DEUS,** qui ad errórum insídias repelléndas et apostólicæ Sedis iura propugnánda, beátum Robértum Pontíficem tuum atque Doctórem mira eruditióne et virtúte decorásti: eius méritis et intercessióne concéde; ut nos in veritátis amóre crescámus et errántium corda ad Ecclésiæ tuæ rédeant unitátem. Per Dóminum. | **O DIOS,** ibunuhos mo kay San Roberto na iyong Obispo at Pantas ang isang kahanga-hangang karunungan at kagalingan upang iwaksi ang mga lilo ng maling aral at itaguyod ang karapatan ng Santa Sede: ipagkaloob mo, pakundangan sa kaniyang karapatan at pamamagitan, upang palagian kaming umulad na ibigin ang katotohanan at ang kalooban ng mga naliligaw ng landas ay manumbalik sa pagkakaisa sa Iyong Simbahan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin… |

*Ang pagbasa, na kukunin mula sa pista ni* Santo Tomas Aquino (ika-7 ng Marso), Kar 7:7-11 "Nanalangin ako, at ibinigay ang karunugan sa akin…"

### DAKILANG ALELUYA • *Dan 12:3*

| | |
|---|---|
| **Allelúia, allelúia.** *V.* Qui docti fúerint fulgébunt quasi splendor firmaménti. | **Aleluya, aleluya!** *V.* Ang mga pantas ay magniningning na tulad ng kaningningan ng langit; |
| **Alleluia.** *V.* Qui ad iustítiam erúdiunt multos quasi stellæ in perpétuas æternitátes. **Alleluia.** | **Aleluya.** *V.* Ang mga nagpabalik ng marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailanpaman. **Aleluya.** |

*Sa mga* Misa Votiva *kung sa labas ng Panahon ng Pascua:*

### Paningit na Awit (Gradual) • *Ps 44:16, 20; Dan 12:3*

**Ecce** sacérdos magnus, qui in diébus suis plácuit Deo.
*V.* Non est invéntus símilis illi, qui conserváret legem Excélsi.

**Narito** ang isang dakilang pari at naging kalugod-lugod siya sa Dios.
*V.* Walang tulad niya na tinupad ang kautusan ng Kataastaan ang natagpuan.

**Allelúia, allelúia.** *V.* Qui docti fúerint fulgébunt quasi splendor firmaménti. **Alleluia.**

**Aleluya, aleluya!** *V.* Ang mga nagpabalik ng marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailanpaman. **Aleluya.**

*Sa mga* Misa Votiva *kung Septuagesima at Cuaresma, ito ang aawitin sa halip ang* Aleluya*:*

### Tracto • *Ps 91:2, 3, 5*

**Bonum** est confiteri Domino, et psalleri nomini tuo Altissime.
*V.* Ad annuntiandum mane misericordiam tuam et veritatem tuam per noctem.
*V.* Quia delectasti me, Domine, in factora tua et in operibus manuum tuarum exsultatio.

**Nakalulugod** na magpasalamat sa Poon, at umawit sa ngalan Mo, O Kataas-taasan!
*V.* Ang magpahayag sa umaga ng iyong tapat na pagsuyo, at sa gabi ng katapatan mo,
*V.* Sapagkat ikaw, Panginoon, pinasaya mo ako ng iyong gawa; sa mga gawa ng iyong mga kamay ay aawit ako sa kagalakan.

### Antipona sa Pag-aalay • *Ps 72:28*

**Mihi** autem adhærére Deo bonum est, pónere in Dómino Deo spem meam: ut annúntiem pmnes prædicatiónes tuas in portis fíliæ Sion, (allelúja.)

**Para** sa akin, ang pagiging malapit ng Dios ay aking kabutihan; ginawa kong aking kanlungan ang Poong Dios, upang aking maisaysay ang lahat ng iyong mga gawa, (aleluya.)

### Panalangin Ukol sa mga Alay

**Hostias** tibi, Dómine, in odórem suavitátis offérimus: et præsta; ut, beáti Robérti mónitis et exémplis edócti, per sémitam mandatórum tuórum dilatáto corde currámus. Per Dóminum.

**Iniaalay** namin sa Iyo, O Panginoon, itong masamyong hain namin: at itulot Mong sa mga itinuro at pagka-uliran ni San Roberto, maligaya nawa kaming magpahandusay at tumahak sa landas ng Iyong mga kautusan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

### Antipona sa Komunyon • *Mt 5:14*

**Vos** estis lux mundi: sic lúceat lux vestra coram homínibus, ut vídeant ópera vestra bona, et glorífícent Patrem vestrum qui in cœlis est, (allelúja.)

**Kayo** ang ilaw ng sanlibutan: dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at papurihan ang inyong Ama na nasa langit. (aleluya.)

### Panalangin Matapos ang Komunyon

**Sacraménta,** quæ súmpsimus, Dómine Deus noster, in nobis fóveant caritátis ardórem: quo beátus Robértus veheménter accénsus, pro Ecclésia tua se iúgiter impendébat. Per Dóminum.

**Ang Sakramento** na aming tinanggap, O Panginoong Dios namin, nawa'y papag-alabin din sa amin ang pag-ibig na tinaglay ni San Roberto na iniukol niyang walang maliw para sa ikatataguyod ng Iyong Simbahan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...